



**ID Card ng Miyembro ng HPSM at
Gabay sa Mabilis na Pagsisimula sa
mga Benepisyo ng Medi-Cal**



**HealthPlan
OF SAN MATEO**

801

Welcome sa Health Plan of San Mateo (HPSM)!

Nang maaprubahan ang inyong saklaw sa Medi-Cal, naging miyembro kayo ng HPSM. Tutulungan kayo ng HPSM na pamahalaan ang inyong pangangalaga ng kalusugan sa pamamagitan ng pagbabayad para sa inyong mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan, at:

- Bibigyan kayo ng access sa malaking network ng mga doktor at dentista
- Tutulungan kayong humanap ng iba pang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan

Ipaliliwanag ng gabay na ito ang ilan sa mga benepisyo at serbisyo na makukuha ninyo sa HPSM. Itabi ito para lagi kayong makasasangguni rito. Upang malaman ang higit pa tungkol sa inyong mga benepisyo, bumisita sa **www.hpsm.org/medi-cal**.

Nakalakip sa pabalat ng aklat na ito ang inyong ID card ng miyembro ng HPSM. Siguraduhing tama ang impormasyon dito at itabi ito sa isang ligtas na lugar.

SA LOOB NG GABAY NA ITO

PAHINA
4



ANIM NA
HAKBANG PARA
MAKAPAGSIMULA

PAHINA

6

ANG INYONG
MGA ID CARD
NG MIYEMBRO



PAHINA

16

HUMILING NG MGA
BABASAHING NAGBIBIGAY
NG IMPORMASYON SA
MIYEMBRO

MGA BENEPISYO SA HPSM

7

MGA PROGRAMA AT SERBISYO NG HPSM

9

IBA PANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMA

11

ANG INYONG UNANG PAGBISITA PARA SA KALUSUGAN

13

HUWAG MAWALAN NG INYONG MEDI-CAL

15

MAHALAGANG IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

19

PAHINA

Paano makikipag-ugnayan sa HPSM

Makatutulong ang mga Serbisyo sa Miyembro na sagutin ang inyong mga tanong.

Mangyaring bumisita sa amin online o tumawag sa amin.

Ang aming website: www.hpsm.org/medi-cal

Lokal: **650-616-2133**

Walang bayad: **1-800-750-4776**

TTY: **1-800-735-2929** o **7-1-1**

ANIM NA HAKBANG PARA MAKAPAGSIMULA

Narito ang ilang mabibilis na payo upang tulungan kayong magsimulang gamitin kaagad ang inyong mga benepisyo sa HPSM Medi-Cal.

1

Mag-sign in sa Portal ng Miyembro. Pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP), i-update ang inyong impormasyon, tingnan ang inyong mga record ng bakuna, kumuha ng bagong ID card ng miyembro at marami pa.
www.hpsm.org/member-portal-login

2

Sagutan ang nakalakip na Form ng Impormasyon sa Kalusugan at ibalik ito sa loob ng 90 araw. Tutulungan kami ng impormasyong ito na siguraduhin na makukuha ninyo ang mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo.

3

Bumisita sa www.hpsm.org/findprovider para piliin ang inyong PCP sa loob ng 30 araw. Ang PCP ang inyong pinakamahalagang kapareha sa kalusugan at makasasagot sa inyong mga tanong tungkol sa inyong kalusugan. Ipareha kayo ng HPSM sa isang PCP kung hindi kayo mismo ang pumili ng isa.

Tutulungan kayo ng mga simpleng hakbang na ito na masulit ang pagiging miyembro ng HPSM Medi-Cal.

4

Makipag-appointment sa inyong PCP sa susunod na dalawang buwan. Mahalaga ang pagsusuri ng kalusugan kahit malusog ang inyong pakiramdam. Maaari ninyong pag-usapan ang tungkol sa mga layuning pangkalusugan, gamot, paggamot, ano ang nararamdaman ninyo at marami pa.

5

Alamin kung paano kukuhanin ang inyong mga gamot. Bumisita sa www.medi-calrx.dhcs.ca.gov/member/drug-lookup/ upang masigurado na saklaw ang inyong mga gamot. Kung wala ang mga ito sa listahan ng mga gamot, makipag-usap kaagad sa inyong PCP.

6

Alamin kung paano kukuhanin ang inyong mga medikal na supply. Kung gumagamit kayo ng matibay na kagamitang medikal (DME), maaaring kailanganin ninyo ng paunang pahintulot. Upang malaman, tumawag sa inyong PCP o mga Serbisyo sa Miyembro.

ANG INYONG MGA ID CARD NG MIYEMBRO

Siguraduhin na mayroon kayo nitong **DALAWANG ID card**

1 Ang **HPSM Medi-Cal ID Card** ay ang katumayan ng inyong pagiging miyembro ng HPSM.

HARAP

1 Name: **John C Sample**

2 Date of Birth: **MM/DD/YYYY**

3 HPSM ID: **123456789**

4 Card Issue Date: **MM/DD/YYYY**

5 Medi-Cal Rx (for drug benefits only)
Medi-Cal CIN: 123456789
BIN: 022659
PCN: 6334225
GROUP ID: MediCalRx

For information about your health plan benefits, call Member Services: 1-800-750-4776 or visit www.hpsm.org

- 1 Pangalan ng miyembro
- 2 Petsa ng kapanganakan
- 3 Numero ng ID ng Miyembro
- 4 Petsa nang maibigay ang card
- 5 Impormasyon para sa Parmasya

LIKOD

1 In case of emergency, call 9-1-1 or seek appropriate emergency care. Emergency services do not require pre-authorization. For information about Mental Health Services call 1-800-686-0101 24-Hour Nurse Advice: 1-833-846-8773 (toll free)

2 FOR PROVIDER USE ONLY

3 Providers with a PIN can check member eligibility verification 24 hours a day at 1-800-696-4776, or online at www.hpsm.org. Member ID: Use ID on the FFS Medi-Cal BIC

4 Submit pharmacy claims to: Magellan Medicaid Administration, Inc. Medi-Cal Rx Call Center Line 1-800-977-2273 TTY: 711 www.Medi-CalRx.dhcs.ca.gov

Submit medical claims to: HPSM Claims Department 801 Gateway Blvd., Suite 100 South San Francisco, CA 94080 Claims Department: 650-616-2106

- 1 Mga tagubilin na pang-emergency
- 2 Numero ng telepono ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip
- 3 Numero ng telepono ng Linya sa Pagpapayo ng Nars
- 4 Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga benepisyong gamot

Kung maiwala ninyo ang inyong card, makakukuha kayo ng bago sa pamamagitan ng pag-log in sa portal ng miyembro sa www.hpsm.org/member-portal-login.

2 Ang **Medi-Cal Benefit ID Card (BIC)** ay katibayan ng pagpapatala sa Medi-Cal. Ipadadala sa inyo ng California Department of Health Care Services (DHCS) ang inyong BIC.

ID CARD SA MGA BENEPISYO NG MEDI-CAL (BIC)

State of California
Benefits Identification Card

ID No. 99999999E99999
JANE DOE
F 01 01 1999 Issue Date 01 01 99

STATE OF CALIFORNIA
BENEFITS IDENTIFICATION CARD

ID No. 01234567A95052
JOHN Q RECIPIENT
M 05 20 1991 Issue Date 02 21 05

MGA BENEPISYO SA HPSM



Mga saklaw na serbisyo

- Mga pagbisita sa mga provider sa network ng HPSM
- Pangangalagang medikal at pangngipin upang makaiwas sa sakit
- Pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali
- Pangangalaga sa pasilidad ng may kasanayang pagkalinga
- Mga serbisyo ng ospital at pangangalagang pang-emergency
- Pangangalaga sa araw sa nasa hustong gulang sa pamamagitan ng Community Based Adult Services (CBAS)
- Suportang nakabase sa bahay sa pamamagitan ng Benepisyong Pagpaplano at Pamamahala ng Pangangalaga



Mga inireresetang gamot

Tinatawag na “Medi-Cal Rx” ang inyong plano ng gamot. Pinamamahalaan ito ng California Department of Health Care Services (DHCS). Sinasaklaw nito ang mga gamot na inireseta ng inyong doktor.



1-800-977-2273 (TTY: **1-800-735-2929** o **7-1-1**)



www.medi-calrx.dhcs.ca.gov

MGA BENEPISYO SA HPSM



Mga gastusin at copay

Hindi sinisingil ng karamihang provider at parmasya ng HPSM ang mga miyembro ng HPSM ng mga copay. Gayunpaman:

- Maaaring maningil ang mga provider at parmasya ng Medi-Cal ng \$1 na copay para sa ilang serbisyo at inireresetang gamot
- Maaaring maningil ang mga ospital ng \$5 na copay para sa mga pangangalagang hindi pang-emergency na ibinigay sa isang emergency room.

Magtanong sa inyong provider o parmasya kung maningil sila ng mga copay.

Mga pagbabayad na hati sa gastos (SOC)

Dapat magbayad ang ilang miyembro ng Medi-Cal ng buwanang bayad para sa kanilang mga gastusin sa pangangalaga ng kalusugan. Magpapasya ang San Mateo County Human Services Agency kung dapat kayong magbayad ng SOC batay sa inyong mga kinikita. Tumawag sa linya ng telepono ng Impormasyon sa mga Benepisyong Pangkalusugan.



1-800-223-8383 (TTY: **1-800-735-2929** o **7-1-1**)



HPSM Dental

Pamamahalaan din ng HPSM ang inyong mga benepisyo sa ngipin. Sulitin ang inyong mga benepisyo sa pamamagitan ng pagpili ng isang dentista na nasa network ng HPSM.



1-800-750-4776 (TTY: **1-800-735-2929** o **7-1-1**)



www.hpsm.org/dental

MGA PROGRAMA AT SERBISYO NG HPSM

Linya sa Pagpapayo ng Nars

Handa ang mga rehistradong nars **24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo** upang sagutin ang mga tanong tungkol sa inyong mga sintomas at sasabihin sa inyo kung kailangan ninyong magpatingin kaagad sa doktor.

 **1-833-846-8773** (TTY: **1-800-735-2929** o **7-1-1**)

 **www.hpsm.org/member/nurse-advice-line**


Mga pagbisita sa doktor sa telepono o video

Itanong sa inyong doktor kung naghahandog siya ng mga pagbisita sa telepono o video, na ganap na saklaw.

 **www.hpsm.org/member/telemedicine**

Programang Koordinasyon ng Pangangalaga


Makikipagtulungan sa inyo at sa inyong mga doktor ang isang Tagapamahala ng Kaso upang gumawa ng plano para makamit ang inyong mga layuning pangkalusugan.

 **650-616-2060** (TTY: **1-800-735-2929** o **7-1-1**)

 **www.hpsm.org/member/care-coordination**

Yunit ng Edukasyong Pangkalusugan

Impormasyon at mga suportang programa para sa mga kondisyon ng kalusugan gaya ng diabetes, hika, pagbubuntis at marami pa.

 **650-616-2165** (TTY: **1-800-735-2929** o **7-1-1**)

 **www.hpsm.org/healthtips**

MGA PROGRAMA AT SERBISYO NG HPSM

Mga libreng serbisyo ng interpreter

Kung hindi nagsasalita ang inyong doktor ng inyong wika, magagamit ang mga serbisyo ng interpreter sa telepono at video. Sa inyong pagbisita, hingin sa inyong doktor na tumawag ng isang interpreter. Sa mga espesyal na kaso, maaaring sumasama sa inyong pagbisita ang isang interpreter.

 www.hpsm.org/member/language-services

Mga libreng pagsakay patungo sa mga serbisyo ng pangangalaga ng kalusugan

Maaaring gumamit ng benepisyong pagsakay ng HSPM ang mga miyembrong walang ibang transportasyon patungo sa mga appointment sa doktor, sa parmasya at sa iba pang serbisyo ng pangangalaga ng kalusugan. Upang mag-iskedyul ng pagsakay, tumawag sa American Logistics Company (ALC) Lunes hanggang Biyernes nang hindi bababa sa dalawang (2) araw ng negosyo bago ang inyong appointment. Para sa mga agarang appointment, tumawag sa lalong madaling panahon na magagawa ninyo.

 **1-844-856-4389** (TTY: **1-800-735-2929** o **7-1-1**)

 www.hpsm.org/ride-benefit

Banayad hanggang sa katamtamang kalusugan ng pag-uugali

Sinasaklaw ng HPSM ang mga serbisyong pang-outpatient gaya ng psychotherapy, pagsusuring sikolohikal at pagmo-monitor ng gamot. Para sa tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay ng HPSM, tumawag sa San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services (BHRS) ACCESS call center.

 **1-800-686-0101** (TTY: **1-800-735-2929** o **7-1-1**)

MAHALAGANG IMPORMASYON NG MIYEMBRO

Makikita ang higit pang detalye tungkol sa mga paksang ito sa Handbook ng Miyembro/Katibayan ng Pagsaklaw (EOC) ng Medi-Cal - hpsm.org/medi-cal-manuals.

Mga paghihigpit sa benepisyo: Ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na ibinibigay sa mga miyembro ng HPSM ay napapailalim sa mga tuntunin, kondisyon, pagbubukod, at limitasyon (kabilang ang mga serbisyong nakukuha sa labas ng lugar na sineserbisyuhan ng HPSM). Nakalista ang mga ito sa Katibayan ng Pagsaklaw (EOC) ng Medi-Cal.

 www.hpsm.org/medi-cal-manuals

Pangangalaga mula sa isang espesyalista: Kung kailangan ninyong magpatingin sa isang espesyalista, makikipagtulungan sa inyo ang inyong PCP upang pumili ng espesyalista, bibigyan niya kayo ng referral at tutulungan kayong mag-set up ng appointment.

Paghahain ng mga reklamo o apela: Kung hindi kayo nasisiyahan sa inyong medikal na pangangalaga, sa serbisyong ibinigay ng HPSM o ng opisina ng inyong provider, maaari kayong maghain ng reklamo o apela. Lulutasin ng HPSM ang inyong reklamo sa loob ng 30 araw matapos kayong maghain.

 www.hpsm.org/member/file-a-complaint

Pangangalaga sa ospital: Sa isang emergency, tumawag sa **9-1-1** o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Kung kailangan ninyo ng pangangalaga sa ospital at hindi ito isang emergency, ikukuha kayo ng inyong PCP ng paunang pag-apruba at magpapasya kung saang ospital kayo dapat pumunta. Dapat kayong pumunta sa isang ospital na nasa network ng HPSM.

 www.hpsm.org/find-a-provider

MAHALAGANG IMPORMASYON NG MIYEMBRO

Saklaw sa bagong teknolohiya: Sinusuri ng HPSM ang mga kahilingan para sa mga bagong teknolohiya at pang-eksperimentong paggamot. Maaaring ibigay ang pag-apruba kung mayroon kayong kondisyong nagdudulot ng banta sa inyong buhay o lubos na nakakapanghina kung saan hindi gumana, hindi naaangkop, o hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang karaniwang paggamot. Upang humiling ng pagsaklaw, makipag-usap sa inyong doktor. Nasa Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal ang mga detalye.

 www.hpsm.org/medi-cal-manuals

Pagsusumite ng mga claim para sa mga saklaw na serbisyo: Kung makatatanggap kayo ng bayarin para sa isang saklaw na serbisyo, huwag itong bayaran. Kung nakapagbayad na kayo, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro upang malaman kung paano ninyo mababawi ang inyong pera. Tingnan sa pahina 3 para sa impormasyon ng pakikipag-ugnayan.

 www.hspm.org/member-claims

Serbisyo sa labas ng California: Para sa emergency na pangangalaga ng kalusugan habang naglalakbay kayo, maaari kayong magpatingin sa isang provider na wala sa network nang wala kayong babayaran. Upang makakuha ng pahintulot, tumawag kaagad sa inyong PCP o sa mga Serbisyo sa Miyembro.

 www.hpsm.org/MC-service-area

Serbisyo pagkatapos ng oras ng negosyo ng HPSM: Magagamit ang mga Serbisyo sa Miyembro sa pamamagitan ng telepono Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. Tingnan sa pahina 3 para sa impormasyon ng pakikipag-ugnayan. Pagkatapos ng trabaho, maaari pa rin kayong tumawag sa HPSM o sa inyong PCP. Para sa mga emergency, tumawag sa **9-1-1** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Kung hindi kayo sigurado na isa nga itong emergency, tumawag sa Linya sa Pagpapayo ng Nars (**1-833-846-8773**) (TTY: **1-800-735-2929** o **7-1-1**).

Ano ang nangyayari sa aking unang pagbisita para sa kalusugan?

Sa inyong unang pagbisita para sa kalusugan, bibigyan kayo ng inyong PCP ng isang check-up. Maaari siyang magtanong tungkol sa inyong kalusugan at bibigyan kayo ng impormasyon upang tulungan kayong manatiling malusog. Maaari din kayong magtanong sa inyong PCP ng anumang tanong tungkol sa inyong kalusugan sa pagbisitang ito. Tumutulong ang unang pagbisita para sa kalusugan sa inyong PCP na maibigay sa inyo ang pangangalaga, mga gamot at bakunang kailangan ninyo upang maging malusog.

Kailan ako dapat pumunta sa aking unang pagbisita para sa kalusugan?

Kung kayo ay bagong miyembro, gawin ang inyong unang pagbisita para sa kalusugan sa loob ng unang 120 araw ng pagsali sa HPSM. Makatutulong ito na sulitin ang inyong pagiging miyembro ng HPSM.

Gaano kadalas dapat akong magpatingin sa aking PCP pagkatapos ng aking unang pagbisita para sa kalusugan.

Pagkatapos ng inyong unang pagbisita, tiyaking magpatingin sa inyong PCP nang kahit isang beses kada taon. Kahit malusog ang inyong pakiramdam, mahalagang magkaroon ng regular na mga check-up upang makasiguro.

Magkano ang halaga ng unang pagbisita para sa kalusugan?

Makukuha ninyo nang walang babayaran ang lahat ng pagbisita para sa kalusugan sa inyong PCP. Kabilang dito ang inyong unang pagbisita para sa kalusugan.

Alamin ang higit pa tungkol sa paghahanda para sa inyong unang pagbisita para sa kalusugan sa www.hpsm.org/first-health-visit

IBA PANG PROGRAMA AT SERBISYO

Inihahandog ng San Mateo County Health

Kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng substansya

Sinasaklaw ang mas matataas na antas ng pangangalaga na nangangailangan ng mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip (SMHS) ng San Mateo County Behavioral Health and Recovery Services (BHRS). Tumawag para sa impormasyon tungkol sa mga provider ng kalusugan ng pag-iisip at iba pang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip.

Maaari din kayong makipag-usap sa inyong PCP tungkol sa mga problema sa kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng substansya. Makikipagtulungan sila sa BHRS upang maikuha kayo ng tulong. Available din ang mga serbisyong paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya sa pamamagitan ng BHRS.

 **1-800-686-0101 (TTY: 1-800-943-2833)**

 **www.smchealth.org/bhrs**

In-Home Supportive Services (IHSS)

Saklaw ng San Mateo County Aging and Adult Services. Tumutulong ang IHSS sa mas nakatatanda at mga taong may mga kapansanan sa mga gawain gaya ng paliligo, pagbibihis at gawaing bahay.

 **1-800-675-8437 (TTY: 1-800-735-2929 o 7-1-1)**

 **www.smchealth.org/home-supportive-services**

HUWAG MAWALAN NG INYONG MEDI-CAL

Kung makatanggap kayo ng pakete sa pagre-renew sa Medi-Cal, siguraduhing sagutan ito at ipadala ito sa lalong madaling panahon. Ipadala ito kahit hindi ninyo nasagutan ang buong form.

Panatilihing bago ang inyong impormasyon



Para sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Human Services Agency (HSA), tumawag sa 1-800-223-8383

(TTY: 1-800-735-2929 o 7-1-1) kapag kayo ay:

- Nangangailangan ng bagong Medi-Cal Benefit ID Card (BIC)
- Magpapalit ng inyong pangalan, address, numero ng telepono o laki ng inyong pamilya
- May mga pagbabago sa laki ng inyong pamilya
- Kukuha ng bagong saklaw sa pangangalaga ng kalusugan
- Nakatanggap ng abiso na magsumite ng aplikasyon sa pag-renew

Para sa mga miyembro ng Medi-Cal na tumatanggap ng mga benepisyo ng Supplemental Security Income (SSI) sa pamamagitan ng Social Security Administration (SSA), tumawag sa 1-800-772-1213

(TTY: 1-800-735-2929 o 7-1-1) upang palitan ang inyong address o numero ng telepono.

Makukuha online ang mga babasahin ng miyembro sa www.hpsm.org/medi-cal-manuals. Maaaring humiling ng mga naka-print na babasahin sa pamamagitan ng pagkumpleto sa form na nasa susunod na pahina, paggupit dito at pagbabalik nito sa nakalakip na sobre.

- ✓ Ipinaliliwanag ng **Handbook ng Miyembro** ang mga saklaw na benepisyo at serbisyo. Ipinapaliwanag din nito ang inyong mga karapatan at responsibilidad. Mag-email sa Customer.Support@hpsm.org upang humiling ng naka-print na kopya.
- ✓ Inililista ng **Direktoryo ng Provider** ang lahat ng provider sa network ng HPSM na tumatanggap ng Medi-Cal, kabilang ang mga dentista, doktor, espesyalista, at parmasya. Upang maghanap ng isang provider na malapit sa inyo, bumisita sa www.hpsm.org/directory-search (ina-update nang lingguhan) o tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro. Mag-email sa providerdirectoryrequests@hpsm.org para sa naka-print na kopya.
- ✓ **Ang Pormularyo** ay isang listahan ng lahat ng saklaw na gamot. Para malaman kung nasa Pormularyo ang isang gamot, maghanap online (ina-update buwan-buwan) sa www.hpsm.org/drug-search o tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro. Mag-email sa Formularyrequests@hpsm.org para sa naka-print na kopya.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa alinman sa mga babasahin ng miyembro na nakalista sa itaas, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro Lunes hanggang Biyernes 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. sa **650-616-2133** o toll free sa **1-800-750-4776** (TTY: **1-800-735-2929** o mag-dial sa **7-1-1**)

..... Gupitin dito at ipadala sa koreo pabalik sa Health Plan of San Mateo✂

Ito ay opsyonal. Sagutan lang at ipadala ito kung gusto ninyong humiling ng mga naka-print na babasahin.

Mangyaring padalhan ako ng naka-print na kopya ng sumusunod na babasahin ng **Medi-Cal**:

- Handbook ng Miyembro** **Direktoryo ng Provider** **Pormularyo**

Pangalan (mangyaring i-print)

Apelyido

Address

Lungsod

Estado

Zip



Ang aming website: hpsm.org/medi-cal

Mga Serbisyo sa Miyembro

- Lokal: **650-616-2133**
- Walang bayad: **1-800-750-4776**

Pamamahala ng Pangangalaga **650-616-2060**

Yunit ng Edukasyong Pangkalusugan **650-616-2165**

Linya sa Pagpapayo ng Nars **1-833-846-8773**

Kalusugan ng Pag-uugali **1-800-686-0101**

Mga Serbisyo sa Pagsakay **1-844-856-4389**

Iba pang impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Human Services Agency **1-800-223-8383**

Behavioral Health Recovery Services **1-800-686-0101**

Aging and Adult Services **1-800-675-8437**

Social Security Administration **1-800-772-1213**

TTY para sa lahat ng serbisyo

1-800-735-2929 o i-dial ang **7-1-1**



Healthy is for everyone

801 GATEWAY BOULEVARD SUITE 100
SOUTH SAN FRANCISCO CA 94080



*May pananaw kami na ang
kalusugan ay para sa lahat, at
ipinaglalaman namin upang gawing
posible iyon para sa inyo.*

Itinatag noong 1987, ang Health Plan of San Mateo (HPSM) ay isang lokal na plano ng pangangalaga ng kalusugan na hindi pangkalalakal na nag-aalok ng pagsaklaw sa kalusugan at network ng provider sa mga naninirahan sa San Mateo County. Pinabubuti ng HPSM ang kalusugan ng aming mga miyembro sa pamamagitan ng mataas na kalidad na pangangalaga at pangangalaga upang makaiwas sa sakit.

www.hpsm.org